

HANDA KA NA BA?



Maraming tao sa sanlibutang ito ang may pagkaka-unawa na ang sanlibutang ito ay malapit ng magwakas subalit marami sa kanila ang hindi nakaka-alam na dapat silang maging handa bago maubos ang oras. Karamihan sa mga tao ngayon ay hindi naturuan kung ano ang mga hinihingi ng Diyos sa Kaniyang bayan bago sila makapasok sa langit at magtamo ng buhay na walang hanggang. Ang ating labanan para sa langit ay espiritwal at bago maunawaan ng isang tao ang mga bagay na espiritwal, kinakailangang linisin muna niya ang kaniyang templo na iyon ay ang kaniyang katawan (1 Cor. 6:19). Kung maglalagay tayo ng anumang hindi makakatulong upang magkaroon ng mabuting kalusugan o kung mabigo tayong sundin ang mga batas ng kalusugan na kasama na ang sariwang hangin, dalisay na tubig, pag-eehersisyo, sikat ng araw, sapat na pahinga, pagitiwala sa Diyos, pagpipigil sa anumang bagay na mabuti at lubos na pag-iwas sa anumang mapaminsala ang ating isip ay mananatiling madilim at hindi natin maabot ang mga bagay na espiritwal. Ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ni propeta Jeremias na kailangan nating hanapin ang mga dating landas kung saan nandoon ang mabuting daan at magsilakad tayo doon (Jer. 6:16). Ng nilikha ng Diyos ang tao, binigyan Niya sila ng original at pinaka-mabuting pagkain (Gen. 1:29). Hindi kasama sa mga pagkaing ito ang laman ng patay na mga hayop. Bilang resulta, si Adan at ang kaniyang mga anak ay nabuhay ng 700 hanggang 900 na mga taon (Gen. 5). Subalit sa panahon ni Noe, pagkatapos ng baha, ipinahintulot Niya sa taong kumain ng laman tangi lamang sa ilalim ng mga batas na Kaniyang inilatag katulad ng makikita natin sa Levitico 11. Bilang resulta ng ipinahintulot na pagkaing ito ng laman ng patay na mga hayop, ang edad ng tao ay mabilis na bumaba sa 200 (Gen. 11:31) at mas bumaba pa sa 70 at 80 (Awit 90:10).

Nakakalungkot, nakalimutan na ng mga tao ang original na pagkaing ibinigay ng Diyos sa halamanan ng Eden at mas lalong nakakalungkot, ang mga mangangaral ngayon ay hindi na nagtuturo sa mga tao ng dating landas sapagkat sila ay abalang-abala sa sa pangangaral ng "prosperity gospel" kung saan ang mga tao ay naniniwala na magagawa nila ang anumang naisin nila at makakapasok pa din sa langit. Ang mga tao ay nadaya din ng mga bulaang mangangaral sa pagsasabing "anomang nasa labas na pumapasok sa tao, ay hindi nakakahawa sa kaniya (Marcos 7:18). Sila'y naniniwala na hindi masama na kumain ng laman ng mga hayop kahit sinabi na ng Diyos na ang mga ito ay karumaldumal. Ginagamit nila ang Marcos 7:18 upang ipangatuwiran na ang kanilang paniniwala, kahit ang talatang ito ay hindi nagsasabi tungkol sa pagkain ng karumaldumal na mga hayop kundi nagsasabi ito tungkol sa pagkain na hindi naghugas ng mga kamay (Marcos 7:2) ay hindi nagpapasama sa tao. Higit pa dito, isa pang maling turo ay makakain na ang lahat na gusto mo sapagkat sinabi ng Diyos sa isang pangitain kay Pedro na siya ay pumatay at kumain (Gawa 10:13). Ang talatang ito ay hindi nagsasabi tungkol sa pagkain ng karumaldumal na mga hayop subalit ito ay nangungusap tungkol sa mga Judio at mga Gentil na ipinagkasundo ni Cristo sa krus (Gawa 10:34-35; Ef. 2:15-29). Namatay si Cristo para sa lahat at wala ni isang tao ang may karapatan na magsabi na ang isang tao ay hindi banal o marumi dahil ang Diyos ay walang paboritismo sa mga tao.

Subalit mayroon pang ilan sa nalabing bayan ng Diyos ngayon ang patuloy na humahawak sa dating landas patungkol sa mga batas ng kalusugan at nagtuturo sa mga tao na lumakad dito. At kung ang Diyos ay walang mga batas ng kalusugan para sa Kaniyang bayan, bakit ang sanlibutang ay

masakitin at may kamatayan? Kaya, kung nais nating magtamo ng mabuting kalusugan ng isip at katawan upang maunawaan ang mga bagay na espiritwal, kailangan nating linisin at baguhin ang ating mga buhay sa pamamagitan ng pagtatamo ng sariwang hangin, dalisay na tubig, pag-eehersisyo, sikat ng araw, sapat na pahinga, pagitiwala sa Diyos, pagpipigil sa anumang bagay na mabuti at lubos na pag-iwas sa anumang mapaminsala at pagsunod sa original na pagkaing ibinigay ng Diyos sa tao (Gen. 1:29; 3 Juan 2).

Ating makikita saanman ang lahat ng mga tanda ng panahon at marami ang naturuan na ang kailangan lang natin ay manampalataya at magagawa nating makapasok sa langit. Totoo ba ito? Hindi! Ang katotohanan tungkol sa bagay na ito ay "At si Abraham ay sumampalataya sa Dios, at yao'y ibinilang na katuwiran sa kaniya; at siya'y tinawag na kaibigan ng Dios." (Sant. 2:23). At sinabi ni Apostol Pablo, "Talastasin nga ninyo na ang mga sa pananampalataya, ang mga yaon ay mga anak ni Abraham." Subalit ang pananampalataya ni Abraham ay ipinakita niya sa pamamagitan ng mga gawa (Sant. 2:21,22; Gen.26:5). At kung tayo ay mga anak ni Abraham makikita sa atin ang pagsunod na gaya ng sa kaniya (Juan 8:39).

Ang alagad na si Juan, na tumalakay ng higit tungkol sa pag-ibig, ay nagsasabi sa atin, "Sapagka't ito ang pagibig sa Dios, na ating tuparin ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat." 1 Juan 5:3. Ang sinasabing pananampalataya na ito kay Jesus na nagpapalaya sa tao mula sa kanilang tungkulin ng pagsunod sa Diyos ay hindi pananampalataya, kundi pag-aakala. "Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya" (Ef. 2:8). Subalit "ang pananampalataya na walang mga gawa, ay patay sa kaniyang sarili." (Sant. 2:17). Totoo na tayo ay nasa ilalim ng biyaya ng Diyos subalit Roma 6:15,16, "Ano nga? mangagkakasala bago tayo, dahil sa tayo'y wala sa ilalim ng kautusan, kundi sa ilalim ng biyaya? Huwag nawang mangyari. Hindi bago ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili na pinaka alipin upang tumalima ay kayo'y mga alipin niyaong inyong tinatalima; maging ng kasalanan sa ikamamatay, maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid?"

Ang krus ni Cristo ay hindi nagbibigay sa atin ng libreng kaphahintulutan upang magpatuloy sa kasalanan (pagsalangsang sa kautusan ng Diyos-1 Juan 3:4) subalit ito ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang magsisi at lumayo sa ating mga kasalanan. Ito ang biyaya ng Diyos sa tao na sa panahong ito ay maari pa tayong magsisi.

Sinabi ni Jesus patungkol sa Kaniyang sarili bago Siya pumarito sa sanlibutan, "Aking kinaluluguran sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso." (Awit 40:8). At bago Siya umakyat muli sa langit, sinabi Niya na Kaniyang iningatan ang mga utos ng Kaniyang Ama (Juan 15:10). At kung nakikilala natin Siya, ating susundin ang Kaniyang mga utos (1 Juan 2:3). Samakatuwid, ang pananampalataya at mga gawa (bunga ng pagsunod sa mga utos ng Diyos) ay magkasama at ito ang tunay na katuwiran (Roma 2:13; Santiago 1:22).

Ang kondisyon ngayon upang matamo ang buhay na walang-hanggan ay gaya rin ng dati gaya noong sa Paraiso bago nagkasala ang una nating mga maqulang sakdal na pagtalima sa kautusan ng Diyos, sakdal na katuwiran. Kung ang buhay na walang-hanggan ay ipagkakaloob sa anumang kondisyong sahod dito kung magkagayo'y mapapasa panganib ang kaligayahan ng buong santinakan. Ang kasalanan ay hindi masusumpungan sa langit. Si Satanas ay inihagis mula sa langit dahil sa

paglabag sa kautusan ng Diyos at hindi pagsisisi dito. Ito ay isang karamdaman na papatay sa atin maliban na lamang na umiyak tayo sa Diyos sa pagsisisi, tumalikod mula sa kasalanan at ibigay ang ating buhay sa Diyos. (Eze. 14:6; Juan 8:11; Gawa 26:20). Tandaan, tayo ay hahatulan ng Diyos hindi sang-ayon sa ating pananampalataya subalit sang-ayon sa ating mga gawa (Jer. 21:14; Kaw. 24:12; Apoc. 2:23). Samakatuwid, hindi mahalaga kung qaano karaming beses tayo naqpanqqap na may pananampalataya sa Diyos, kung ating sinusuway Siya, ang ating pananampalataya ay hindi magtatakip sa ating paglabag (kasalanan) (Eze. 3:20).



Ang kautusan ng Diyos ay nagsilbing isang salamin ng ating buhay na kung ating titingnan ng mabuti ang Sampung mga Utos ating makikita ang kapangitan ng ating pag-uugali. Ito ay nagpapakita sa atin na tayo na nasa kasalanan, at "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." (Roma 6:23). Yaong mga namumuhi sa kasalanan ay kakikitaan ng sakdal na katangian ng ating Panginoon na hindi nababago (Mal. 3:6). Ang Sampung mga utos ay ang larawan ng Diyos, ito ay ang Kaniyang katangian ng pag-ibig na dapat na makita sa atin at dapat nating pagsikapang gaya ng sinasabi sa 1 Tim. 3:17. Ang Diyos ay pag-ibig at ang Kaniyang kautusan ang nagpapahayag nito sa atin (Mateo 22:37-40). Sinabi ni Jesus sa Juan 14:15 "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." At "kung ibig mo'y pumasok sa buhay, ingatan mo ang mga utos." (Mateo 19:17). Kapag ating titingnan ang kautusan, ating makikita kung paanong ang unang mga apat na utos ay nagtuturo sa atin kung paano ibigin ang Diyos (Exodo 20:3-11) at ang huling anim ay nagtuturo sa atin kung paano ibigin ang bawat isa (kapuwa) (Exodo 20:12-17).

Mayroong isa sa mga utos ng Diyos na nakalimutan na ng mga tao dahil sa mga bulaang magtuturo na nangangaral ng kasinungalingan. Ang ika-apat na utos ay napaka-halaga sapagkat tayo ay tinatawag nito upang sumamba sa Manlalalang sa Kaniyang itinakdang ika-pitong araw ng Sabbath na Kaniyang ipinagpahinga, binasbasan, at pinabanal (Gen. 2:2,3). Maraming nag-aangkin na mayroon silang kapangyarihan na baguhin ang Sabbath ng Panginoon na Kaniyang pinagpala subalit wala sa pasimula hanggang sa katapusan ng mga Kasulatan na may utos ang Diyos na parangalan ang ibang araw bilang araw ng kapahingahan ng higit pa sa kung ano ang nasusulat. Inaamin ng Vatican,

"Ang Linggo ay isang institusyong Katoliko at ang pag-aangkin nito sa pagsunod ay maipagtatanggol lamang tangi na sa mga prinsipyong Katoliko. Mula sa simula hanggang sa wakas ng kasulatan wala ni isa mang talata na nag-gagarantiya sa paglilipat ng linggohang pansambang pampubliko mula sa huling araw ng sanlinggo sa una." (Catholic Press, Sydney, Australia, August 1900).

Ang Linggo ay isang araw kung saan kanilang panararangalan hindi ang Diyos kung hindi ang Papa. Ipinapahayag ng Vatican,

"Ito ay sa simbahang Katoliko sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesu-Cristo, na naglipat ng kapahingahang ito isa Linggo bilang pag-ala-ala sa pagkabuhay ng ating Panginoon. Samakatuwid, ang pangangilin ng Linggo ng mga Protestante ay isang pagpaparalang na kanilang ibinibigay, sa kabila ng kanilang mga sarili, sa kapangyarihan ng simbahang Katoliko." Mgr. Segur, Plain Talk About Protestantism of Today, p. 213.

Mayroon bang sinuman na makapagbabago ng Sabbath na pinagpala ng Panginoon? "Narito, ako'y tumanggap ng utos na magpala: At kaniyang pinagpala, at hindi ko na mababago." Bilang 23:20.

Masumpungan natin sa Apocalipsis 14 ang walang hanggang ebangelio na ipangangaral sa lahat ng mga bansa. Tayo ay "Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig." (Apoc. 14:7) "Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao. Sapagka't dadalhin ng Dios ang bawata't gawa sa kahatulan, pati ng bawata't kubling bagay, maging ito'y mabuti o maging ito'y masama." (Eccles. 12:13,14). At kung ating sinasamba ang Tunay na Manlalalang, ang Panginoong Jesu-Cristo, tayo ay sasamba at mag-iingat sa Kaniyang araw ng Sabbath. Sa araw na ito, tayo ay hindi gagawa ng anumang gawa subalit ilalaan ang araw na ito (paglubog ng araw sa Biyernes hanggang sa paglubog muli sa araw ng Sabado - Lev. 23:32) upang paluguran at pasalamatang Ama, Anak, at Banal na Espiritu at sasamba sa Kanila sa Espiritu at Katotohanan (Juan 4:24). Tayo ay titigil sa pagbili at pagbibili (Neh. 10:31), ihahanda ang ating pagkain sa Biyernes, ang araw ng paghahanda (Ex. 16:23; Lucas 23:54), tutulongan ang mga may sakit (Marcos 3:2) at "hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga sariling salita" (Isa. 58:13).

Yaong tumanggi sa walang hanggang ebangelio ay babagsak sa pagtalikod = Babilonia (Apoc. 14:8) na nangangahulugang kalituhan.

Subalit tayo binigyan ng babala na sa mga huling araw ay magkakaroon ng pagtalikod mula sa katotohanan sapagkat ang sanlibutan sa pamamagitan ng pandaraya ay pipili na sumamba sa Anticristo sa isang huwad na araw ng pagsamba (LINGGO). 2 Tes. 2:3,4; Daniel 7:25 ay nagsasabi na ang Anticristo ay "iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan" Tooto ba na sisikapin ng Anticristo na baguhin ang panahon at ang kautusan?



Ang Papa (Anticristo), ang Hayop (Roma = Dan. 7:23; Apoc. 13,14), ang Patutot (simbahang Romano Katoliko = Apoc. 17) ay nagsasabi.

"Sa pamamagitan ng aking banal na kapangyarihan aking pinawawalang-bisa ang araw ng Sabbath, at ipinag-utos sa iyo na ipangilin ang unang araw ng sanlinggo. At narito, ang buong sibilisadong sanlibutan ay yumuyukod sa pagalang na pagsunod sa utos ng banal na simbahang Katoliko!" Father Enright, C.S.S.R. Of the Redemptoral College, Kansas City, History of the Sabbath, p. 802.

Ang Sampung mga Utos ng Biblia ay binubuo ng 295 na mga salita, subalit sa simbahang Romano Catoliko na Sampung mga Utos, ay binubuo lamang ng 77 na mga salita. Ito ay hayagan na pagtatangka na baguhin ang Kautusan ng Diyos, sa kabila ng katunayan na ipinahayag mismo ni Jesu-Cristo sa Mateo 5:18 "Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan..." Tinanggal ng simbahang Katoliko ang 218 na mga tuldok at kudlit mula sa Kautusan ng Diyos katulad ng sinabi ni Daniel na gagawin niya sa Daniel 7:25.

Si Satanas ay nandaraya (Apoc. 12:9) at inihahanda ang sanlibutan sa pagtanggap ng "Tanda ng Hayop". Ano ang "Tanda ng Hayop"? Ito'y masumpungan sa Apoc. 14:9-11.

Subalit una sa lahat, sino ang hayop na ito (bansa) na mayroong tatak? Ang bansang ito ay binanggit sa Apoc. 13:1-8 kung saan kaniyang pinag-usig ang mga banal sa loob ng 42 na mga buwan. 42 na mga buwan x 30 mga araw bawat buwan = 1260 mga araw.

Ang isang araw sa propesiya ay 1 literal na taon (Eze. 4:6). Ang 1260 mga taong ito ng pag-uusig ay naganap sa panahon ng Dark Ages (538-1798 AD). Ang Roma ay nagpadala ng manlalayang sa buong mundo upang ipatupad ang kanilang relihiyon at ipilit ito sa lahat ng mga tao. Ang bansang ito na nagpapatupad ng kanilang relihiyon gamit ang "puwersa". Ang Panginoon ay hindi namilit sa pagsunod gayun din ang Kaniyang tunay na iglesia na mamilit sa mga tao na sumunod sa Diyos.

Samakatuwid, ang tatak ng hayop ay tungkol sa PAGESAMBA! Sinasabi ng Vatican,

"Ang Linggo ang aming TATAK ng kapangyarihan...ang simbahan ay mas mataas kaysa sa Biblia, at ang paglilipat na ito ng pangilingin ng Sabbath ay patunay ng katotohanang ito" "Catholic Record of London, Ontario, Sept 1, 192.

"Talagang inaamin ng simbahang Katoliko na ang pagbabago (Sabadong Sabbath sa Linggo) ay kaniyang gawa...At ang gawang ito ay isang TATAK ng kaniyang kapangyarihang pangsimbahan sa mga bagay na pang-relihiyon." H.F. Thomas, Chancellor of Cardinal Gibbons.

Sino itong sila na hindi tatanggap ng Tatak ng Hayop? Ang susunod na talata ay nagsasabi, "Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus." Apoc. 14:12. Muli, ang mga taong ito ay may pananampalataya kay Jesus at sumusunod sa Kaniyang mga utos. Paanong ang isa ay makakatanggap ng tatak ng hayop sa kanilang mga noo? Ano bang nasa ating noo? Ang ating utak! Dito natin ginagawa ang kusang pagpili na sumamba sa Diyos sa Kaniyang ika-pitong araw na Sabbath (Sabado) (Exodo 20:8-11) o sa araw ng ARAW, kaya nga pagsamba sa araw ng Linggo! Paano natin tatanggapin ang tatak ng hayop sa ating mga kamay? Ang kamay sa propesiya ng Biblia ay isang tanda ng pagpili sa atin laban sa ating kalooban na makapag-trabaho (Eccles. 9:10) na kung hindi tayo papayagang makapag-trabaho, hindi tayo makabibili o makapag-benta. Apoc 13:17. Ang Vatican ba ay may plano na ipatupad ang mga batas ukol sa Linggo?

"Ang organisasyong ito ay nagpapanukala sa bawat posibleng paraan upang panatilihin ang Linggo bilang isang institusyong sibil. Ang ating pambansang seguridad ay nangangailangan ng aktibong suporta sa lahat ng mabubuting mamamayan sa pagpapanatili ng ating Americanong Sabbath. Ang mga batas ukol sa Linggo ay dapat ipatupad." Quoted-"principles contained in the Constitution" (then called the American Sabbath Union), The Lord's Day Alliance, Twenty fifth Report (1913), p6

Katulad ng nangyari sa nakaraan, pipilitin muli ng Roma ang mga tao na sumamba sa huwad na araw ng pagsamba na ibinukod sa pagsamba sa Papa at hindi sa Panginoon sa ika-pitong araw ng Sabbath na siyang tatak ng Diyos (Eze. 20:12,20). Subalit gagamitin ng Roma ang USA sa pagpapatupad ng pagsamba sa Linggo.

Ano ang mangyayari doon sa mga kusang-loob na lumabag sa kautusan ng Diyos at tinalikuran ang araw ng Sabbath sa pamamagitan ng pangilingin ng huwad, gawa ng tao, na araw ng pagsamba? Apoc. 14:10,11,

"Ay inom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng kaniyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Cordero: At ang usok ng hirap nila ay napailalang magpakailan kailan man; at sila'y walang kapahingahan araw at gabi, silang mga nagsisisamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at sinomang tumatanggap ng tanda ng kaniyang pangalan."

Kaya nga, kung paanong ang pagsunod ni Adan ay sinubukan sa puno ng kaalaman, ang pagsunod ng bayan ng Diyos ngayon ay susubukan sa ika-apat na utos upang makita kung sino ang kanilang sinasamba at kung kanino nandoon ang kanilang katapatan, sa Diyos ba o kay Satanas? Walang sinumang hahatulan hanggang sila ay magkaroon ng kaalaman ng katotohanan at nakita mula sa salita ng Diyos na walang pundasyon ang kabanalan ng Linggo. Isang utos ang ipalalabas upang ipatupad ang huwad na Sabbath na Linggo at ang lahat ay susubukan upang makita kung kanilang susundin ang Diyos o ang tao (Gawa 5:29). Yaong mga kusang pumili na sumunod sa tao sa halip na sa Diyos ay tatanggap ng tatak ng hayop.

Sinasabi ng salita ng Diyos na kanilang papatayin yaong mga hindi susunod sa utos ng simbahang Katoliko sa pagsamba sa Papa sa araw ng Linggo. Sa katunayan, ang mga guillotines ay dumating na sa America. Apoc. 20:4" mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus..." www.remnantofgod.org/quillotines.htm

Isa pang pandaraya na ang sanlibutan ay naturuan ngayon na ang tatak ng hayop ay computer chip na itinurok. Ibinase nila ito sa Apoc. 13:16 "At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo." Ang computer chip ay maaring magamit nila sa pagpapatupad ng hindi pagbili at pagbibili sa ganung paraan magagawa nila pasambahin ang iba sa hayop at sa kaniyang larawan.

Mga kaibigan, binigyang babala na namin kayo patungkol dito upang kung ito ay dumating na, kayo ay maniwala. Juan 14:29. Mayroong dalawang klase ng mga tao na palaging umiiral sa sanlibutan, ang mga walang kautusan, manlalabag na mga tao (Judas 1:4) at yaong mga nagpapahayag sa Panginoong Jesus bilang Tagapagligtas, mga masunuring klase. Anong klase sa palagay mo ang makakapunta sa langit? Sinasabi ng salita ng Diyos sa Apocalipsis 22:14, "Mapapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit, upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan." Ano ang sasabihin ng Diyos doon sa hindi nagsikap na sumunod sa kautusan ng Diyos at nakipagbaka ng mabuting pakikipagbaka sa tunay napananampalataya (1 Tim. 6:12) na gumagap ng pagsunod sa atin? Mateo 7:23, "At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalanan."

Ang pinaka-matinding pagsubok ay malapit ng dumating at kailangan nating maging handa. Ang pagpili ay nasa iyo. Tatanggap ka ba ng tatak ng Diyos? O tatanggap ka ng tatak ng hayop kapag ito ay ipinatupad na ng batas? Mas maging handa sa pamamagitan ng pag-bisita sa mga links na nasa ibaba.

www.RemnantofGod.org
www.SDRMinistries.org
contact@SDRMinistries.org